

RESILIENTSR37



Paghahanap ng mga Pangmatagalang Solusyon sa Pagbaha at Trapiko sa pagitan ng US 101-SR 121

Ang Pagkakaroon ng Kakayahang Makabawi Laban sa Pagtaas ng Lebel ng Dagat kabilang ang Pagpapanumbalik ng Latian

Ang mga hakbang sa pagpapanumbalik ng latian ay nagbabawas sa enerhiya ng alon at pagka-ugnay ng tubigan at kalupaan (hydrologic) sa ilalim ng kalsada at hinahayaan ang tubig-baha na dumaan nang maayos, habang pinapahusay ang kalusugan ng paligid ng ecosystem.

Maraming bahagi ng 21-milya ng Highway 37 na mahalagang pang-ugnay sa transportasyon sa rehiyon ang madaling naapektuhan ng mga pagsasara kaugnay sa pagbaha at malubhang paninikip ng trapiko. Ang **Ultimate Resilient Sea Level Rise, Design Alternatives Assessment** ay nakatuon sa Highway 37 sa loob ng mga county ng Marin at Sonoma, partikular sa pagitan ng U.S. 101 at Highway 121. Ang mga kaganapan ng malalakas na bagyo ay sumusubok sa mga pampang ng Novato Creek at Petaluma River, lalo na sa panahon ng high tide kapag umaapaw ang tubig sa mga pampang at inayos na

mga pilapil sa tubigan at ginagawang hindi madaanan ang Highway 37. Sa simula ng pagbabago ng klima, ang San Francisco Bay ay tinatayang tataas ng mas mataas, na magreresulta sa mas madalas at matinding pagbaha sa hinaharap. Kinakailangan ng mga pangmatagalang solusyon. Ang hinaharap ng Highway 37 ay nangangailangan ng pagdisenyo ng isang kalsada na tumutugon sa mga hamon ng pagtaas ng tubig sa dagat, nagsisilbi sa dumaraming pangangailangan ng transportasyon, at nagkaloob ng mga oportunidad para sa mga nagbibisikleta, taong naglalakad, transit, at mga opsyon sa carpool.

Ang pagtuon nitong Pagtatasa ng mga Alternatibong Disenyo (Design Alternatives Assessment) ay upang magsaliksik ng pangmatagalang layunin at mga pangangailangan, pagkatapos ay ang pagbuo at pagtataya ng potensiyal na mga pangmatagalang solusyon sa kahabaan ng Highway 37 sa pagitan ng US 101 at 121. Ang prosesong ito ay nakabatay sa impormasyong nakolekta mula sa mga nakaraang pag-aaral pati na rin sa konsultasyon sa mga espesyalista sa kapaligiran at regulasyon.

Ang mga pangmatagalang solusyon ay kinakailangang matugunan ang mga pangangailangan ng transportasyon, kabilang ang mga nagbibiyaha araw-araw, turista, mga sumasakay ng transit, nagbibisikleta at mga taong naglalakad. Sa madaling-sabi – kasama KAYO! Ang nasaliksik na mga solusyon para sa Marin at Sonoma ay isasama sa mga solusyon sa buong koridor na kasalukuyang nasa ilalim ng pagbubuo. **Makilahok sa pagpapalano ng Highway 37: may kakayahang makabawi, maaasahan, mas ligtas at itinatag upang magtatagal para sa lahat ng naglalakbay!**

Ang Pagbuo at Pagtataya ng Pangmatagalang mga Alternatibong Solusyon ay Kinakailangan ang Inyong Input



Kumpletuhin ang Survey upang Tumulong sa Plano 37:
www.Resilient37.org/Questionnaire

- Dapat bang ayusing muli ang Highway sa isang bagong lugar?
- Paano dapat isama ang pagbibisikleta, taong naglalakad, at mga opsyon sa transportasyon?
- Ano ang mahalaga sa pagtataya at paghahambing ng pagpili ng mga pangmatagalang solusyon?

Gaano Kataas Dapat Itayo ang Highway 37?

Ang lebel ng San Francisco Bay ay maaaring tumaas ng lima hanggang pitong piye sa 2100 sa ilalim ng mga senaryo ng mataas na emisyon ng greenhouse gas, alinsunod sa mga pagtataya ng 2018 ng California Ocean Protection Council. Sa mga pagtaas ng tubig sa panahon ng malakas na bagyo, naisasalin ito sa pangangailangan na itaas ang Highway 37 nang hindi bababa sa 20 piye.

Sa sandaling ang hanay ng mga alternatibo ay nabubuo mula sa inyong input, kung gayon, ang Pagtatasa ng mga Alternatibong Disenyo ay magtataya kung paano ihahambing laban sa isa't isa ang mga alternatibo. Maaaring kabilang sa pagtataya ang pagsusukat ng mga epekto sa kalapit na mga lupain, tirahan, ingay o maraming iba pang kadahilanan. Kapag nakumpleto na ang pagtataya, ang pag-aaral ay magsusulong ng hanay ng mga alternatibo at gagawa ng mga rekomendasyon para sa isang plano ng pagkilos kung paano ang mga makatwirang alternatibo para sa lugar sa pagitan ng US 101 at Highway 121 ay maaaring mahati, mapondohan, at maipatupad ayon sa naglalamanang mga prayoridad sa rehiyon at buong estado.

Is English your second language? We can help. Request assistance by calling 415.778.6757 and allow three days for response.

¿El inglés es tu segundo idioma? Podemos ayudar. Solicitar asistencia llamando al 415.778.6757 y permitir tres días para la respuesta.

Ang Ingles ba ang pangalawang wika mo? Makakatulong tayo. Humiling ng tulong sa pamamagitan ng pagtawag sa 415.778.6757 at payagan ang tatlong araw para sa tugon.



ISANG CORRIDOR, ISANG TEAM, MARAMING SOLUSYON